# Anti-bullying campaign pinalakas sa QC

Upang magpahatid ng kaalaman hinggil sa mga epekto ng bullying o pang-aapi sa mga estudyante mula sa mga paaralan ng Quezon City, pinangunahan ni Quezon City Vice Mayor Joy Belmonte ang kampanya na makakapagturo sa mga magulang ukol sa bullying bilang bahagi ng Values Formation Program ng bise alkalde.

"Nagkakaroon tayo ng ganitong klaseng programa para alam ng mga magulang kung ano ang mga uri ng bullying," paliwanag ni Belmonte sa isang anti-bullying seminar para sa mga magulang sa Manuel L. Quezon Elementary School nitong weekend.

Itinampok ni Belmonte na ang cyber-bullying ay ang pinakapopular na anyo ng pang-aapi sa mga kabataan ngayon.

"Ayon sa isang survey sa mga bata, halos 80% ng lahat ng kabataan ay naging biktima na ng cyber-bullying. Malakas ang loob ng mga bully sa internet kasi hindi naman sila kilala o hindi mababalikan ng mga bata," pahayag ni Belmonte.

"Kaya't kailangan nating bantayan kung sino ang nagiging friend o kung sino ang kausap ng inyong mga anak sa social media kasi baka binubully na sila," paalala ni Belmonte sa mga magulang.

Binigyang diin din nito ang emotional bullying, na ang mga emosyon ng mga kabataan ay mina-manipula; verbal bullying, kung saan ang mga bata ay nakakarinig ng mga nakakasakit na mga pahayag at tsismis; at physical bullying, kung saan ang mga bata ay pisikal na sinasaktan o kaya naman sinisira ang kanilang mga ari-arian.

Anya, ang pang-aapi, ay maaaring humantong sa kamatayan, lalo na't marami nang mga kaso ng mga kabataan na nagpapakamatay dahil sa pang-aapi.

Bilang opisyal na pinuno ng QC Council, patuloy na itinaguyod ni Belmonte ang pagpasa ng Ordinance No. SP-2157, S-2012, o ang Bullying Ordinance of Quezon City, na layong wakasan ang mga pang-aapi sa mga estudyante. *(Angie dela Cruz)*